# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN III**



# MODYUL 6

## SINAUNANG APRIKA

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# MODYUL 6
# SINAUNANG APRIKA

Tulad din ng mga tao sa iba't ibang panig ng mundo, may natatanging sibilisasyong umusbong sa sinaunang Aprika.

Malaki ang naging impluwensya ng heograpiya sa naging pamumuhay ng mga tao sa sinaunang Aprika. Ang mga tao ay natutong makibagay sa pabago-bagong klima sa nararanasan. Kapag nagbago ang klima o lumaki ang populasyon sa lugar na kanilang tinitirhan sila ay humahanap ng panibagong lugar kung saan matutugunan nila ang kanilang pangangailangan.

Pagsapit ng 1500 AD ang mga sibilisasyong ito ay nagkaroon na ng ugnayan sa mga tao sa Europa at Asya. Ito ang naging dahilan upang ang kanilang wika, kultura't tradisyon ay labis na naimpluwensyahan ng mga dayuhang ideya at gawi.

Ang pinakamatanda at pinakamakapangyarihang sibilisasyong umusbong sa Aprika ay ang sibilisasyong ***Ehiptona*** nagsimula sa masaganang ***Lambak ng Nile***. Di nagtagal, may mga lunsod, estado na lumaki bunga ng malawakang kalakalan sa may baybayin ng Silangang Aprika at dulo ng timog ng ***Sahara.***

Ang kahusayan ng mga griyego ay nakita sa pamumulaklak ng sining at agham. Samantala ang mga Romano ay mas praktikal na mga tao. Nanguna sila sa batas at pamahalaan at mahuhusay din silang inhinyero. Mula sa Imperyong Romano, kinilala ang relihiyong ***Kristiyanismo***. Sa katunayan, hanggang sa kasalukuyan ang Roma pa rin ang sentro ng pananampalatayang Katoliko.

May anim na araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Heograpiya ng Aprika
- Aralin 2: Ang Simula ng Aprika
- Aralin 3: Ang mga Bantum
- Aralin 4: Ang Kaharian ng mga Kush
- Aralin 5: Ang Kaharian ng mga Aksum
- Aralin 6: Iba pang Kaharian sa Aprika

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipapaliwanag kung paano naimpluwensyahan ng heograpiya ng Aprika ang naging uri ng sibilisasyon ditto;
2. Mailalarawan ang naging simula at wakas ng kulturang *Kushite;*
3. Masusuri ang naging epekto ng pandarayuhan ng *Bantu* sa Aprika;
4. Matatalakay kung bakit tinawag na Gitnang kaharian ang *Ghana, Mali* at *Songhai; at*
5. Matutukoy ang mga dahilan ng pagbagsak ng mga kahariang *Ghana, Mali at Songhai.*

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Isang malawak at madamong lupain sa Aprika.
   A. Savanna
   B. Oasis
   C. Dessert
   D. Plain

2. Dito nagtayo ang pamayanan ang mga kushite.
   A. Sahara
   B. Egypt
   C. Sudan
   D. Nubia

3. Dito inilipat ng mga kushite ang kabisera ng kanilang kaharian.
   A. Ghana
   B. Meroe
   C. Mali
   D. Sudan

4. Isa dito ay hindi katangian ng Meroe
   A. Buong taon na dumadaloy mula sa ilog.
   B. May produksyon ng bakal
   C. May maganda itong nitang pangkalakalan.
   D. May malakas itong hukbong sandatahan.

5. Ang dating kaharian ng Axum ay matatagpuan sa kasalukuyan ay lupaing ito.
   A. Saudi Arabia
   B. Nigeria
   C. Ethiopia
   D. Mali

6. Ito ang pinagmulan ng yaman ng kahariang Ghana.
   A. Ginto at kalakalan
   B. Palay at mais
   C. Produksyon ng bakal
   D. Paggawa ng mga Barko

7. Sa panahon niya natamo ng Mali ang tugatog ng kanyang kaunlaran.
   A. Abu-Bakuri II
   B. Mandingo
   C. Mansa Musa
   D. Sunni Ali

8. Ang dahilan kung bakit tanyag ang timbuktu
   A. Sentro ng kalakalan
   B. Sentro ng hukbong sandatahan
   C. Sentro ng Agrikultura
   D. Senrtro ng magagandang moske at palasyo

9. Ang kahulugan ng Ghana.
   A. Hari
   C. Kaharian
   B. Diyos
   D. Palasyo

10. Ang imperyo sa kahabaan ng karagatang Atlantiko at Ilog Niger.
   A. Bantu
   C. Mali
   B. Songhai
   D. Ghana

11. Isang pangkat mula sa hilagang Aprika na nagpabagsak sa Ghana.
   A. Muslim
   C. Berber
   B. Ashanti
   D. Assyrians

12. Sa panahon niya narating ng Songhai ang tugatog ng kaunlaran at kasaganahan.
   A. Mansa Musa
   C. Sunni Ali
   B. Abu Bakar II
   D. Muhammad Askia

13. Ang lupaing lumusob sa Songhai at naging sanhi ng paghina at tuluyang pagbagsak nito.
   A. Morocco
   C. Turkey
   B. Arabia
   D. Nigeria

14. Sila ang bumuo sa lungsod estado ng Kilwa.
   A. Arabo at Persiano
   C. Kushite
   B. Assyrians
   D. Nigeria

15. Ang mga Bantu ay sinasabing nagmula sa mataas na lupain ng bansang lupain ng bansang ito sa kasalukuyan.

A. Sudan
B. Ehipto
C. Nigeria
D. Mali

16. Ang pinakamalaking pandarayuhan ng mga Bantu ay sinasabing gumagamit ng ruta ito sa Aprika.

A. Kanluran patungong timog
B. Hilaga patungong timog
C. Silangan patungong kanluran
D. Timog patungong kanluran

17. Ang kauna-unhang at pinakamaimpluwensyang sibilisasyon na naganap sa Aprika ay dito sinilang.

A. Nigeria
B. Ehipto
C. Morroco
D. Ghana

18. Malaki ang naging impluwensya ng kulturang Ehipto sa pamumuhay ng pangkat na ito.

A. Bantu
B. Ghanaran
C. Kushite
D. Mandingo

19. Ang pinakaunang sumilang sa tatlong gitnang kaharian ng Aprika.

A. Mali
B. Ghana
C. Songhai
D. Bantu

20. Ang Swanhihi ay isang uri nito na may malaking impluwensya ng Arabo at Persiano.

A. Sining
B. Arkitektura
C. Literatura
D. Wika

**ARALIN 1**

**HEOGRAPIYA NG APRIKA**

Bagamat may pakikipag-ugnayan na ang Aprika sa iba't ibang kontinente, konti lamang ang alam ng mga dayuhan ukol dito. May ilang kuwento tungkol sa Aprika upang ilarawan ito. Ilan sa mga kuwentong ito ay walang katotohanan ngunit may mangilan-ngilan din na may bahid ng katotohanan na maging si Herodotus, isang kilalang griyegong historyador, ang naglarawan sa Aprika noong 400 BC na isang lugar na…

- may malalaking ahas, may mababangis na leon, mga oso at buriko… Dito rin ang mga nilalang na walang mga ulo…

at mga mababangis na mga lalaki at mga babae…at iba pang mga di kapani-paniwalang mga halimaw -

-***Ayon sa aklat ni Herodotus*** Vol. 1 book

4 ni Goerge Rawlison 1910

Marami sa mga kathang kuwento na ito ang nananatili hanggang sa CE 1800. Kahit na noon konti lamangang nakakaalam sa kasaysayanat sibilisasyon sa Aprika kung kaya't tinawag nila ito na "***Ang Madilim na Kontinente"*** .

Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipapaliwanag kung paano naimpluwensiyahan ng heograpiya ang kasaysayan ng sinaunang Aprika;
2. Masususri kung paano nakatulong ang kalakalan at migrasyon sa paglago ng sinaunang Aprika; at
3. Matutukoy ang mga katangian ng mga sinaunang kaharian at imperyo sa Aprika.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

A. Isa-isahin ang mga kontinente sa Aprika.




## Kapaligiran

Napakalaki ng kontinente ng Aprika, ikalawa ito sa pinakamalaking kontinente sa mundo. Mula hilaga hanggang timog umaabot ito ng 8000 kilometro. Ang lawak nito sa kanluran patungong silangang ay may sukat na 6400 kilometro. Sa Gitnang Aprika matatagpuan ang mga talampas at kapatagan na napapalibutan ng ng mga kagubatan. Samantala, ang mga ***Savanna*** o malawak na damuhan na may nagkalat na mga puno at palumpong (Shrub) ay nakikita sa magkabilang bahagi ng ekwador. Sa hilaga at timog ng mga Savanna ay matatagpuan ang mga malalawak na disyerto, ang ***Sahara***

sa hilaga at ang Namib at ***Kalahari*** sa Timog. May mga makikitd na baybaying dagat din sa hilaga at silangang bahagi ng Aprika.

A. Mga Natural na Hangganan

Ang disyerto ng Sahara ay halos sinlaki ng Estados Unidos at matatagpuan mula kanluran hanggang silangan ng timog na bahagi ng Aprika. ito ay isang malaking sagabal sa komunikasyon at paglalakbay. Noong sinaunang panahon ang Sahara ay naging hadlang sa pagkakaroon ng ugnayan ng Mediterrenean at ang dakong loob ng Aprika kung kaya't ang sibilisasyong umunlad sa kanlurang Aprika ay kakaiba sa sibilisasyong umunlad sa mga rehiyon sa timog ng Sahara o mas kilala sa tawag na ***Sub-Saharan Arfica.***

Ang mga baybayin dagat at ilog ng Aprika ay naging sagabal din, dahilan sa limitado nitong look madali itong pasukin ng malalaking alon na nagpapahirap sa pagdaing ng mga barko sa lupa. Maging mga ilog ay hindi masyadong mapaglalayagan. Ang mga talon at ang mga matutulin na agos nito ay nakakapigil din sa mga barko na marating ang mga aplaya.

B. Klima

Ang klima ay isa rin malaking problema sa Aprika. Sa mga rehiyon ng Savanna may mga panahon na sagana sa tag-ulan ngunit sa mga pagitan nito ay mahabang panahon ng tagtuyot. Ang pagkakaroon ng iba ibang tag-ulan ay nagbigay daan sa mga lugar ng gulayan. Ang pinaka maulan na rehiyon ay nasa ***Congo River Basin*** at sa baybayin ng ***Guinea.*** Ang mga masukal na kagubatan at ang maraming latian (Swamp) ay naging malaking sagabal sa paglalakbay.

Ang mga kondisyong ito ang nakapigil sa mga dayuhan na puntahan ang Aprika at nagpahirap sa pagpapalago ng kanilang sibilsasyon.

.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Anu-ano ang mga natural na hadlang sa paunlad ng Aprika? Ipaliwanag isa-isa

______________________________________________

______________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_________________________________________________________.

**Tandaan Mo!**



- Ang Aprika ang ikalawa sa pinakamalaking kotinente sa mundo.
- Ang mga Savanna ay malalawak na damuhan na may nagkalat na mga puno at palumpong.
- May 3 malalaking disyerto sa Aprika, ang Sahara sa Hilaga at ang Namib at Kalahari sa Timog.
- Ang mga rehiyon sa timog ng Sahara ay tinatawag na Sub-Saharan Africa.
- Ang malaking bahagi ng Aprika ay Tag-init buong Taon.



**Gawain 3: Paglalapat**

Ibigay ang iyong opinion:

Sa iyong palagay ang Heograpiya at klima ba sa kontinente ng Aprika ay nakakapagpaantala ng pag-unlad ng sibilasayong dito? Patunayan ang iyong naging kasagutan.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_____________________________________

## ARALIN 2   ANG SIMULA NG APRIKA

Ayon sa pananaw ng mga siyentipiko, ang Aprika ang tahanan ng pinaka–unang tao. Ang mga buto at mga labi ng mga sinaunang tao ay natagpuan sa isang lugar sa Silangan at Timog Aprika. Dahilan dito malaki ang paniniwala ng mga eksperto na ang panahon ng bato ay nagsimula sa Aprika bago ito lumaganap sa iba pang kontinente.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mailalarawan ang simula ng pagkakaroon ng mga tao sa sinaunang Aprika; at
2. Maipapaliwanag kung paano inangkop ng mga sinaunang tao sa aprika ang kanilang pamumuhay sa pabago-bagong kapaligiran ng Aprika.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Itala ang mga dahilan kung bakit naglalakbay sa iba't-ibang lugar ang mga tao?

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________

### Ang Mga Sinaunang Aprikano

Ang mga sinaunang Aprikano ay nanirahan sa mga Savanna, kung saan maraming makukuhang pagkain. Sa loob ng libu-libong taon, mga maliliit na pangkat ng tao ang lumaganap sa Aprika. Habang nagpatuloy ang paglaki ng kanilang bilang, ilan sa mga pangkat na ito ang permanente na namuhay sa iba't ibang bahagi ng Aprika. Pagsapit ng panahon ng bagong Bato mga 100,000 taon na ang nakakalipas mas permanenteng pangisdaang pamayanan ang nakita sa baybayin ng mga sapa at ilog ng Aprika.

Sa panahon ng bagong bato, mas mahalaga ang produksyon ng pagkain kaysa pangangalap lamang ng pang araw-araw na makakain. Samantala, ilang panig ng Aprika noon ay ibang iba sa nakikita nating aprika ngayon. Ang tuyot na disyerto ng Sahara ay isang saganang taniman kung kaya't naging angkop ito sa pagtatanim ng mga sinaunang tao sa Aprika. Sila rin ay nag-aalaga ng mga baka. Maraming pamayanan ng mga magsasaka ang naitayo sa may lambak ng Nile at naging Sentro ng pagsasaka ang ilang mataas na kalupaan ng Ethiopia.

Ngunit pagsapit ng 4000 BC, naging napakainit ng klima. Pagdating ng 2000 BC maraming lupain na ang naging mga disyerto. Kasama na nito ang Sahara. Dahilan dito ay mga taong naninirahan sa mga lupaing ito ay lumipat sa lambak ng Nile. Doon sila nagtayo ng mga pamayanan at nagsaka. Naging pangunahing din itong salik sa pagsisimula ng kaunaunahang sibilisasyon, na naganap sa Ehipto. Maraming tao ang naglakbay sa timog ng Aprika at namuhay doon. Ngunit napakahalaga nila sa Ehipto upang makinabang sa naging pag-unlad nito. Lumipas pa ang mahabang panahon bago nila natamo ang pang kulturang kaunlaran na naganap sa lumalago ng sibilisasyon ng Ehipto.

**Ang Paglaganap ng Agricultura**

Sa paglawak ng Sahara, lumaganap din ang agrikultura sa iba't ibang panig ng Aprika. Pagsapit ng 3000 BC ang pagsasaka ay mas mahalaga na kaysa sa paghahayupan lalo na sa mas mainit na bahagi sa hilagang rehiyon ng Ekwador. Dahilan sa napeste ang mga malalaking hayop, di naging sapat ang mga tubig na nagbubuhay sa mga kagubatan ng Congo basin at baybayin ng Guinea upang matugunan naman, maging ang mga malalakasna ulan at masukal na kagubatan ay naging hadlang din upang lumago ang iba't ibang butil. Paglipas ilang siglo ang mga tao sa Guinea ay nag-alaga ng isang bagong halamang ugat na tinatawag na ***Yam.***

A. Paglaki ng mga Pamayanan


Ang paglaganap ng agrikultura ay nagdudulot ng pagbabago sa pamumuhay ng mga taga Aprika. Napilitan silang magpalipat-lipat ng tirahan upang makahanap ng makakain. Maging ang mga naghahayupan ay nagpalipat-lipat din sa mas

madadamong lugar para sa kanilang mga alagang hayop. Samantalang, ang mga magsasaka ay mas maging permenente sa kanilang mga lupang sakahan. Dahilan dito nagsimulang lumago ang mga pamayanan. Dumating din ang panahon ng sobra-sobra ang kanilang inaanisa kanilang kakailanganin. Nagkaroon din sila ng panahon para matulong gumawa ng iba pang gawain tulad ng paghahabi , paggawa ng mga palayok at paggawa ng mga kagamitan. Kasabay ng masaganang ani, lumaki din ang kanilang populasyon.

B. Ang Kulturang Nok

Kasabay ng pag-unlad sa pamumuhay, umunlad din ang kultura. Isa sa mga kulturang kinilala ng mga arkeologo ay ang ***Kulturang Nok*** na nagsimula noong 500 BC Sa madamong bahagi ng Aprika na ngayon ay ***Gitnang Nigeria.***

Ang mga taong may kulturang Nok ay mga magsasaka at nangangalaga ng mga hayop. Mahusay din silang manggagawang metal. Karaniwan nilang ginagawa ay mga sandata at alahas na yari sa ginto, bakal at lata. May mga sinlaki din ng taong mga rebulto na yari sa luwad at nakasuot ng mga damit na yari sa mga hinabing tela ang mga gawang sining sa ilang bahagi ng kanlurang Aprika na hinihinalang naimpluwensyahan ng mga Nok.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Gumawa ng pagsasaliksik tungkol sa kulturang Nok. Humanda sa pagbabahagi nito sa klase.



**Tandaan Mo!**

- Noong 5000 BC ang Sahara ay isang madamong lupain.
- Pagdating ng 4000 BC naging mainit na ang klima sa Aprika.
- Pagsapit ng 2000 BC maraming lupa na sa Aprika ang naging disyerto kasama na ang Sahara.
- Ang pag-unlad ng pagsasaka ay nagbigay daan sa pagkakaroon ng mga pamayanan.
- Ang kulturang Nok ay isa sa mga pinakaunang kultura na sumibol sa madamong lugar ng Aprika at ngayon ay bahagi ng Gitnang Aprika.

**Gawain 3: Paglalapat**



Para sa iyo, alin ang mas unang dapat na matamo ng mga mamamayan: **Kaunlarang Panlipunan** o **Kaunlarang Pangkabuhayan.** Ipaliwanag ang iyong napiling sagot.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

**ARALIN 3**

**ANG MGA BANTU**


Maraming kultura ang umusbong sa sub-Saharan Africa, ang mga ito ay pinaunlad ng mga maiitim na tao. Ang pinakauna dito ay ang ***Nok*** na umunlad sa pagitan ng 700-200 BC sa kanlurang bahagi ng Aprika na ngayon ay lupain ng Nigeria.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mailalarawan ang naging pandarayuhan ng mga Bantu;
2. Masusuri ang mga naging epekto ng pandarayuhan ng mga Bantu sa Kontinente ng Aprika; at
3. Maipapaliwanag kung paano naorganisa ang lipunan ng mga Bantu.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Isulat ang mga salitang mauugnay sa



**Pandarayuhan ng mga Bantu**

Ang bakal ay nagdudulot ng pagbabago sa pamumuhay ng tao sa Sub-Saharan Africa. Ang mga kagamitang yari sa bakal ay nagpadali sa sistema ng pagsasaka, pagsapit ng 100 BC naging malawakan na ang paggamit ng bakal. Dahilan dito napadali ang produksyon ng pagkain at kasabay nito lumaki ang populasyon.

Dumating ang panahon na hindi na naging sapat ang mga lupang sakahan na naging dahilan upang magkaroon ng kakulangan sa pagkain. Lumaganap ang taggutom. Maraming pangkat ng mga itim na Aprikano na mula sa Kanlurang Aprika ang napilitang lisanin ang kanilang tahanan upang humanap ng ibang lugar na may mas kaunting populasyon. Ang pandarayuhang ito ay naganap ng mahabang panahon-halos tumagal ng 1000 taon. Ang mga taong ito na nadayuhan ay kinilalang ***Bantu***-hango sa kanilang wika. Ayon sa pananaw ng mga Historiador ang pandarayuhang ito ang pinaka malaking pagkilos ng tao sa kasaysayan ng mundo

Noong una ang mga taong nagsasalita ng Bantu ay nanirahan sa mga kagubatan ng Gitnang Aprika. Gamit ang kanilang kaalaman sa pagsasaka at paggawa ng bakal sila nagtayo ng isang malaki at malakas na lipunan. Habang patuloy na lumalaki ang kanilang bilang, ang iba sa kanila ay lumipat sa timog at silangan. Nagpatuloy ang paglipat –lipat ng mga Bantu hanggang tuluyan na silang nanirahan sa iba't ibang lugar. Inayon na rin nila ang kanilang kabuhayan sa kanilang kondisyon ng lugar ng kanilang tinirhan. Ang iba na sa mga matataas na lupain ng Silangang Aprika napadpad, kung saan may katamtamang klima na angkop sa paghahayupan, ay naging mga magsasaka at mga pastol. Ang mga iba naman sa kapatagan ng Silangang Aprika napunta ay naging magsasaka din ngunit nagkaroon sila ng mga bagong produkto tulad ng mga saging at yam.

Naging mabagal at mapayapa ang naging pandarayuhan. Ang ibang mga pangkat na nakita ng mga Bantu ay sumama na rin sa kanila at umayon sa kanilang paraan ng pamumuhay. Mayroon din naman na umatras at nagpakalayu-layo na sa mga kagubatan at disyerto. Sa dulo ng lahat ng pagkilos na ito ang mga taong nagsasalita ng Bantu ang naging pangunahing pangkat ng tao sa Sub-Saharan Africa.

## Samahang Panlipunan

Hindi nagtagal ang mga Bantu ay naging isang pangkat etniko na may sariling teritoryo, wika at paraan ng pamumuhay. Sila ay binubuo ng iba't ibang angkan na nangasiwa sa paggawa ng mga batas sa pagpapakasal at pagpapampamilya, nagbigay din ito ng proteksyon at seguridad sa mga kasapi. Ang lahat ay lahat ay naniniwala na sila ay nagmula sa iisang ninuno lamang.


## Kanayunan

Ang tahanan ng mga Bantu ay isang nayon na binubuo ng maraming malalaking pamilya at lahat ng kamag-anak ay kasama maging mga lolo't lola. Malaki ang kanilang paggalang sa mga nakatatanda. Habang nagsasaka o nagpapastol ang mga kalalakihan, ang mga kababaihan naman ay naghahanda ng mga pagkain at nag-aasikaso ng sa bahay.

Nasa kapangyarihan ng mga kapitan at konseho ng matatanda ang nagpapatupad ng mga batas. Ang pinakamataas na pinuno ng mga angkan ang nag-aayos ng mga suliranin, nagpaparusa sa mga nagkakasala at nagsasabi kung kailan magtatanim o mag-aani. Bagamat siya ang namumuno hindi siya lubos na makapangyrihan, Kinukunsulta pa rin siya sa konseho ng matatanda at sa iba pang pinuno ng iba't ibang angkan.

## Relihiyon

May iba't ibang relihiyon ang mga Bantu. Bagamat may iba't ibang paniniwala ang iba't ibang pangkat etniko, may pagkakatulad din ang kanilang relihiyon, Ang lahat ay gumagamit ng alamat at parabola upang ipaliwanag ang nakaraan at ang kahulugan ng buhay. Sila rin ay naniniwala sa Dakilang Lumikha na nangangalaga sa kanilang araw-araw na pamumuhay. Aktibong nakikilahok ang mga Bantu sa pag-alay sa mga espiritu ng dasal, awitin, sayaw at pag-aalay ng hayop.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Sagutin.

1. Bakit sinasabing ang pandarayuhan ng mga Bantu ang tinatayang pinakamalaking paglipat ng mga tao sa ibang lugar? ______________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Paano napaunlad ng mga Bantu ang kanilang kultura? ____________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang mga Bantu ay pangkat ng mga taong nagmula sa kanlurang Aprika at nandarayuhan sa Sub-Saharan Africa.
- Nang matapos ang pandarayuhan pagkalipas ng 1000 taon, ang mga Bantu ay naging pangunahing pangkat ng tao sa Sub-Saharan Africa.
- Nagkaroon ng natatanging sistema ng pamumuhay ang mga Bantu
  May sariling sistema ng pagsamba ang mga Bantu.



## Gawain 3: Paglalapat

Sa iyong palagay anu-ano ang nagiging epekto ng pandarayuhan sa:

| **Lugar na Nilisan** | **Lugar na Nilipatan** |
|---|---|
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |

**ARALIN 4**


**ANG KAHARIAN NG KUSH**



Malapit sa ilog Nile ang rehiyon ng ***Nubia.*** Ang mga sinaunang mamamayan ng Ehipto ay nakikipagkalakalan dito ng Ivory at maitim na kahoy, ang Ebony. Ang mga Aprikano na matatagpuan sa Katimugan.

Mga 1600 BC, naitatag ng mga Nubians ang ***Kaharian Kush*** na tumagal ng 2000 taon. Ginawang kabisera ang ***Kerna*** kung saan ipinatayo ng hari ay mararangyang kastilyo at libingan. Ang yaman ng kaharian ay nakasalalay sa pakikipagkalakalan ng Ginto sa Ehipto.

Pagsapit ng 1525 BC, nasakop ng Ehipto ang Kush. Napilitan yakapin ng mga Kuhsute ang impluwensya ng kanilang mananakop. Maraming naging pagbabago sa Nubi, kasama na ang pagpapatayo ng templo ni ***Abu Simbel*** na inukit sa Bato. Noong 750 BC humina ang kapangyarihan ng Ehipto at naipahayag ng mga Kushute ang kanilang kasarinlan. Isang haring Kushute ang namuno sa Ehipto noong 715 BC***.***



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matatalakay ang pag-unlad ng mga Kushute;
2. Maihahambing ang Lerma sa Meroe; at
3. Mailalarawan ang tugatog ng kapangyarihang Kushite.

.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Kilala mo ba ang mga Kushite? Magtala ng ilang kaalaman na iyong batid na na sa unang kolum at mga nais malalaman sa ikalawa:

Ang mga Kushite

| (A) Alam Ko Na | (B) Nais kong Malaman | (C) Natutunan Ko |
|---|---|---|
| 1) | 1) | 1) |
| 2) | 2) | 2) |
| 3) | 3) | 3) |

**Meroe**

Sa loob ng halos 100 taon, naipalaganap ng mga Kushite sa hilagang silangan bahagi ng Aprika kasama ang Ehipto ang kapayapaan at kasaganaan. Ngunit noong 671 BC nilusob ng Assyrians ang Ehipto. Hindi naging sapat ang mga tansong armas ng mga Kushite sa mga bakal na armas ng mga Assyrians kaya madali silang nagapi. Napilitan ang mga Kushite na lisanin ang Ehipto at bumalik sa Kush.

Pagbalik sa Kush, pinakamalakas ng mga Kush ang kanilang sariling teritoryo. Mula sa mga Assyrian natutunan nilang gumawa at gumamit ng mga kagamitan at sandata na yari sa bakal. Di nagtagal naging sentro ng produksyon ng baka ang Meroe sa Aprika at lumaganap ang kasanayan sa paggawa ng bakal sa iba't ibang panig ng kontinente.

**Kulturang Kush**

Pagsapit ng 200 BC narating ng Kush ang tugatog ng pangkabuhayan at pang political na kaunlaran. Nilusob ng mga Romano ang Kush noong 23 BC ngunit di ito nagtagumpay. Ang pakikipagusap ng mga Romano ay pinamunuan ng babaeng tinatawag nilang ***Candace***, ito ay titulong iginagawad sa mga ina ng hari. Malaking bahagi ang ginagampanan ng mga Candace sa pulitika ng kush.

Tanyag din ang Kush sa paggawa ng ginto. Matatagpuan sa Meroe ang mga mahuhusay na artisano na gumagawa ng alahas, muebles pati na rin mga arkitekto. Ang kanilang sining ng paghihilok ay kahanga hanga ang kalidad at mga orihinal na

disenyo ay kamangha-mangha. Ang ilang nilihok nila ay may guhit ng mga halaman at hayop. Malaki rin ang impluwensya ng mga kangahan ng mga taiga Ehipto sa arkitektura ng mga templo sa kush, ang lahat din ng mga inilibing ng hari ng Meroe ay inilagay sa pyramid. Sa mga libingan sa Meroe ay makikitang nakasulat ang hierogryphics tala ng mga Kushite ay nakasulat sa kanilang sariling marka. Kaya lamang di naisalin ng mga eskolar sa wika ng makabagong panahon.


**Ang Kalakalan**

Sa pagitan ng 250 BC at 100 BC hawak ng mga Kushite ang mga kalakalan mula Ilog Nile hanggang sa Dagat Pula at pinalakad din nila ang komersyo sa kabuuan ng rehiyon sa may karagatang Indian. Habang masagana ang kalakalan ang mga mandirigmang Kushite ay patuloy na pinalawak ang kanilang teritoryo hanggang makarating ito sa timog at silangang Aprika.

Samantala, ang mga Meroe na napaunlad ang produksyon at ani upang matugunan ang patuloy na lumalaking populasyon.

**Paghina ng Kush**

Nagsimulang ligaligin ng mga taong lagalag mula sa mga disyerto ang Kush. Labis na naapektuhan nito ang negosyo at agrikultura ng mga Kushite kung kaya't humina ang produksyon. Noong AD 350 ang Kush ay nilusob at nagapi ng kanilang kalabang estado, ang ***Aksum.***



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Punan ang tsart: kumpletuhin ito batay sa iyong sagot sa Gawain 1.

| (K)<br>Alam Ko NA | (W)<br>Nais kong Malaman | (L)<br>Natutunan Ko |
|---|---|---|
| 1)<br><br>2)<br><br>3) | 1)<br><br>2)<br><br>3) | |



**Tandaan Mo!**

- Naitatag ng mga Nubian ang kahariang Kush sa rehiyon ng Nubia noong 1600 BC.
- Mula sa mga Assyrians natutong gumawa at gumamit ng mga sandatang yari sa bakal ang Kushite.
- Noong 200 BC narating ng kush ang tugatog ng pangkabuhayan at pampulitikal na kaunlaran.
- Malaki ang naging impluwensya ng kultura ng Ehipto sa Kultura ng mga Kushite. Pagsapit ng 350 AD nanghina at tuluyan ng bumagsak ang kahariang Kush ng ito ay talunin ng estado ng Aksum.



**Gawain 3: Paglalapat**

Sumulat ng Sanaysay


Paksa: Ang kahalagahan ng paggamit ng bakal sa pagpapaunlad ng sibilisasyon.

**ARALIN 5**

**ANG KAHARIAN NG AKSUM**



Ang Aksum ay isang kahanga-hangang kaharian sa hilagang bahagi ng ngayon ay lupain ng ***Ethiopia***.




Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mailalarawan ang naging simula ng kahariang Aksum; at
2. Matatalakay ang naging pamumuhay ng kahariang Aksum.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ituro ang Ethopia sa mapa ng Aprika.




**Ang Simula**

Ang simula ng Aksum ay tinatayang naganap noong 600 BC, sa panahong ang mga taong Simetiko mula sa timog kanluran ng Arabia na kilalang ***Yemen*** ay tumawid sa Dagat Pula at nanirahan sa hilagang silangan ng Aprika. Sa baybaying dagat ay nagtatag sila ng pamayanang pangkalakalan, isa na rito ang ***Aksum***. Sa paglipas ng panahon ang mga dayuhan ay lubos na napasama sa mga local na Aprikano.

**Kultura at Kalakalan**

Sa paglipas ng panahon, lumaki at lumakas ang Aksum. Pagsapit ng 200 BC, isa na itong makapangyarihang kaharian at ang hari nito ay may control sa kabuuan ng kalakalan sa rehiyon ng dagat pula. Noong 100 AD malawak na ang teritoryo nito at malawak na rin ang pakikipagkalakalan nito. Ang mga elepante sa Aprika , mga ivory, ginto, rhinoceros, mga alipin at mga panimpla ay ilan lamang sa pinapadala mula sa

daungan ng ***Adulis*** patungo sa mga daungan sa paligid ng dagat Mediterrenean at karagatang Indian.

Ang kultura ng Aksum ay may impluwensya ng kultura ng mga Arabo at Aprikano na napasama na sa kanilang mga katutubong gawi at tradisyon.

Nagkaroon ng sistema ng pagsulat ang kaharian at ito rin ang kauna-unahang kaharian sa timog ng Sahara na ng sarili nilang sensilyo o Barya. Mula sa yaman nanggaling sa kalakaln ang mga hari ang nagpatayo ng mga templo at palasyo na hawig sa nasa Hellenikong Ehipto. Ang mga lungsod ay punong-puno ng magagarang mga palasyo at naglalakihang monumento.

**Pagdating ng Kristyanismo**

Ang kristyanismo ay nakarating sa Aksum dala ng dalawang kabataang Syrian na napadpad sa Baybayin Dagat.

Noong 350 CE si ***Haring*** Azana ang namuno sa pananakop sa Meroe ay sumanib sa bagong relihiyong Kristyanismo. Paglipas ng ilang panahon ginawa niyang opisyal na relihiyon ng kaharianang kristyanismo. Matapos ang 200 taon naging opisyal na relihiyon na rin ito sa kaharian ng Nubia, mula dito lumaganap na ito sa timog hanggang gitnang Aprika, kung saan maraming simbahan ang naitayo.

**Ethiopia**

Noong AD 600- isa na naman puwersa na kinaharap ng Aksum- ang ***Islam.*** Sa loob ng 100 taon ang mga sundalong muslim at mangangalakal mula sa Arabia ng nagkaroon ng control sa Dagat Pula. Ang Aksum ay sa mabundok na looban ng Silangang Aprika sa lamang nakuntento. Buo ang loob, ang mga pinuno ng Aksum ay nagtayo ng isang katolikong kaharian sa ***Ethiopia***, bagamat di naging madali, naipalaganap ang kristianismo sa kabuuan ng kaharian. Ang mga digmaang sibil at pag-atake ng mga Muslim ay nagpahina sa kaharian subalit nanatiling matatag ang kaharian sa Ethiopia.

.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Magsaliksik at ibahagi sa klase ang sinaunang kasaysayan ng Ethiopia:

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

_________________________________________



**Gawain 3: Paglalapat**

Sagutin ang mga katanungan:

1. Bakit sa palagay mo nananatili ang Kristiyanismo sa Ethiopia? _______________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________


2. Sa kasalukuyan, may epekto pa ba ang relihiyong Kristiyanismo sa Ethiopia? Ipaliwanag. ______________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

**ARALIN 6**

**IBA PANG KAHARIAN SA APRIKA**



Mula noong 300-1500 AD, marami pang kaharian ang umusbong sa Sub-saharan Africa. Ilan dito ay ang ***Ghana, Mali*** at ***Songhaina*** naitayo sa mga Savanna sa rehiyon ng kanlurang Aprika. Dahilan sa kanilang pakikipag-ugnayan hilagang Aprika at sa gitnang Silangan, silang lahat ay naimpluwensyahan ng Islam. Lahat din sila ay yumaman dahil kontrolado nila ang mga mahahalagang daanan ng kalakalan mula hilagang aprika hanggang kanlurang Aprika. Dahil nakapagitna sila sa kalakalang ito. Kinilala sila bilang mga ***Gitnang Kaharian.***



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipapaliwanag kung bakit tinawag na Gitnang Kaharian ang Ghana, Mali at Songhai;
2. Mailalarawan kung paano naimpluwensyahan ng Islam ang pag-unlad ng sibilisasyon ng Africa; at
3. Masusuri ang mga kaganapan na nagbigay daan sa paglago at pagyaman ng mga lunsod-estado sa Silangang Aprika.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Masdan ang mapa ng Aprika. Hanapin dito ang mga lugar na ito:

| | | |
|---|---|---|
| -Ghana | -Nigeria | -Morocco |
| -Mali | -Senegal | - Timbuktu |




**Ghana**

Ang Ghana ang pinakauna sa tatlong kaharian. Ito ay naitatag noong 300 AD. Ito ay nasa pagitan ng ilog ng ***Niger*** at ***Senegal***. Ang mga sinaunang Ghanarian ay mga magsasaka, mangingisda, gumagawa ng metal at mga tela. Di nagtagal, nangalakal na rin sila dahilan sa, ang timog ng kaharian ay mayaman sa ginto. Nagbenta ang mga negosyanteng Ghanarian ng mga mamahaling metal sa dulo ng Sahara kung saan sila ay sinasalubong ng mga negosyanteng Arabo na nagbuhat pa sa Hilagang Aprika. Ipinapalit nila ang kanilang mga ginto na asin, pinatuyong mga prutas at iba pang mga kagamitan.

***a. Mga Hari***

Ang pangalan ng Ghana ay nagbuhat sa katawagan nila sa kanilang hari o pinuno, ang ***Ghana.***Lalaki lamang ang maaaring maging Hari. Maipapamana din ang trono ng namatay na hari sa anak na lalaki ang kanyang pinakamatandang kapatid na babae. Bago nila tinanggap ang Islam, sila ay naniniwala na sila ay banal. Ang mga hari din ay ganap na makapangyarihan.

Napakayaman ng kahariang ito. Pinangangalagaan ng husto ng mga hari ang kayamanan ng kaharian. Binubuwisan nila ang kalakalan ng ginto at asin. Lahat ng ginto na makikitya sa kaharian ay kanila din inaari. Upang mapanatili ang mataas na presyo ng ginto. Unti-unti lamang nila itong ibinibenta sa mga pamilihan. Lubos na ipinagmamalaki ng mga Hari ang kanilang yaman. Araw-araw ay may mga magagarbong pagdiriwang kung saan malaya ang mga tao/mamamayang na dumalo.

***b. Pagbagsak ng Imperyo***

Narating ng Ghana ang tugatog ng kanyang kaharian noong AD 800 hanggang 900, ang imperyo ay lumawak na at nakaabot sa ***Karagatan Atlantiko*** at ilog ***Niger.*** Naging napakalakas ng impluwensya ng mga Arabo kung kaya't inakap na nila ang Isalam. Sa kauna-unahang pagkakataon nagkaroondin sila ng pakikipag-ugnayan sa mga kristyano. Ilang mga Europeano ang bumili ng ginto upang gawing barya ang sinalubong ng nga mabuti ng mga kinatawang Ghanarian.

Ngunit hindi naging sapat ang mga ginto upang sagipin ang humihinang Imperyo. Noong CE 1000, isang pangkat ng mga tao mula sa Hilagang Aprika, ang mga ***Berber***, ang lumusob sa Ghana na nagpahina sa kanilang ekonomiya. Naging suliranin din ang kawalan ng tag-ulan na nakaapekto ng lubos sa produksyon ng pagkain. Naging dahilan ito ng paglikas sa ibang lugar ng maraming Ghanarian. Pagsapit ng AD 1200, ang dating pinakamakapangyarihang kaharian ay tuluyan ng nawala at naging mga maliliit na malayang estado

**Mali**

Isa sa maliit na estado ay pinamunuan ng mga ***Mandingo***. Matapos nilang talunin ang kanilang mga kalaban noong CE, nilusob at inangkin nila ang mga teritoryo sa kanilang paligid. Matapos nila iton gawin ang estado nila ang naging pinakamalakas sa kanlurang Aprika at kinilala nila itong ***Mali*** o kung saan nakatira ang hari, Ang kanilang teritoryo ay umabot mula karagatang Atlantiko hanggang sa lupain na Nigeria na ngayon.

Nagkaroon ng kapayapaan at kapayapaan at kasaganaan sa Mali hanggang AD 1300. Naging malawakan ang kalakalan ng ginto, bakal, palay, yam mga iba't ibang butil, mga inukit ng pigurin sa kahoy mga tela at iba. Yumaman ang namumuno dahil binuhusan nila lahat ng mga kalakal na lalabas at papasok sa kanilang teritoryo.

Sa lahat ng namumuno dito sa ***Mansa Musa*** ang kinilala maging sa Africa. Asya at Europa dahilan sa kanyang kayamanan. Sa panahon niya (AD 1327-1337) naging kabisera ang ***Timbuktu*** at ginawa itong sentro ng sining at pag-aaral ng mga muslim. Nagsagawa si Mansa Musa ng banal na paglalakbay sa ***Mecca*** noong AD 1324. Ayon sa mga tula, isinama niya sa kanyang paglalakbay ang 12000 alipin at 80 kamelyo na may mga dalang bareta ng ginto.

Matapos ang 50 taon, natapos mamatay si Musa humina ang Mali. Ang pag-atake ng mga Berbers at ang panloob na tunggalian ay labis na nagpahina sa Mali. Di nagtagal humiwalay ang Mali sa pamahalaang sentral at naging isang malayang estado.

**Songhai**

Isa sa mga probinsya ay ang ***Songhai*** na nasa lambak sa may ilog Niger kanluran ng Timbuktu. Ang mga tao dito ay mahuhusay na mangangalakal at yumaman ng husto sa pakikipagkalakalan sa Arabo sa Hilagang Aprika at mga itim na Aprikano sa kanluran na nakatira sa baybayin ng Atlantiko. Noong CE 1400 ang Songhai ay pinamumunuan ni ***Sunni Ali*** na nagpalawak ang teritoryo sa pamamagitan ng pakikidigma. Maging ang rehiyon ng Savanna ay nakuha niya. Itanatag niya ang

pamahalaang sentral sa ***Gao*** at naging pinakamakapangyarihan kaharian ang Songhai sa kanlurang Aprika

Narating ng Songhai ang kanyang tugatog noong CE 1400 sa pamumuno ni ***Muhammad Askia.*** Ang mga bagong lupainna kanyang nasakop ay nagdulot ng karagdagang mapagkukunan ng ginto at asin para sa kanyang kaharian na nagpayaman lalo dito. Ang mga buwis na pinataw sa mga produktong ito ay naging dagdag sa kaban yaman ng kanilang pamahalaan. Ginamit ni Askia ang yamang ito upang suportahan at ibalik ang ningning ng Timbuktu. Sinuportahan din niya ang Islam sa pamamagitan ng pagpapatayo ng mga moske at binatay niya sa Koran lahat ng mga batas sa imperyo.

Noong CE 1528 siya ay pinatalsik sa puwesto ng mga taong di nasisiyahan sa kanyang pamamalakad. Ang pagkakagulo ay nagpahina ng husto sa imperyo. Di nagtagal nilusob din ang Songhai ng pinuno ng ***Morocco*** at gamit ang kanyon at makabagong armas, madali silang nagapi nito. Nagpatuloy ang kaguluhan sa kaharian kaya pagsapit ng AD 1600 tuluyan na itong nabagsak.

**Silangan at Timog Aprika**


Noong AD 900 may nagsimulang bagong pandarayuhan sa Aprika. Sa pagkakataong ito, sa silangan naman ay may mga Arabo at Persyanong mangangalakal ang nagtayo ng pamayanan sa baybayinng karagatang Indian. Sila ay nakipagkalakalan sa mga taong taga looban ng Aprika ng mga ginto, bakal at iba pang produkto na ipinadala naman nila sa Arabia, India at sa Malayong Silangan. Bilang kapalit umangkat naman sila ng porcelana, mga palayok at seda sa mga bansang ito.

Pagsapit ng AD 1200, ang maliit ng pamayanan sa silangang Aprika ng mga Arabo at Persiano ay ganap ng isang lunsod-estado. Ang ***Kilwa*** ay isa dito. Dahilan sa naririto ang daungan ng kalakalan ng ginto, naging mayaman ang lugar na ito. Ang mga kinita sa kalakalan ay ginamit pagpapatayo ng mga moske at tirahan ng mga mangangalakal

Maraming Aprikano ang yumakap sa relihiyong Islam. Marami rin mga kababaihang Aprikano ang nakapangasawa ng mga Arabong mangangalakal. Mula dito ay umusbong ang isang bagong sibilisasyon na pinagsanib na kulturang Islam at

Aprikano. Nagkaroon din ito ng sariling wika ang ***Swahili*** na halos katulad ng Bantu ngunit nahaluan ng mga Arabo at Persiano. Narating ng Islam East Africa ang kanyang tugatog noong 1300 AD. Pagkalipas ng 200 taon nagdatingan sa rehiyon ng karagatang Indian ang mga Europeano na naging sanhi ng paghina ng Islamic East Africa.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**



Magsaliksik tungkol sa Timbuktu. Samahan ito ng mga Larawan. Maghanda na bahagi ito sa Klase.



**Tandaan Mo!**

- Ang Ghana, Mali at Songhai ay kabilang sa Gitnang kaharian.
- Ang Ghana ang pinaka-unang kaharian na naitatag sa gitnang kaharian, narating nito ang tugatog noong AD 800.
- Ang paglusob ng mga Berbers at ang madalang na tag-ulan ang ilan sa mga dahilan ng pagbagsak ng kahariang Ghana.
- Sa panahon ni Mansa Musa narating ng Mali ang tugatog ng kanilang kaunlaran.
- Samantala narating naman ng Songhai ang tugatog ng kanilang kaunlaran sa panahon ni Muhammad Askia.
- Ang paglusob ng Hari ng Morocco ang naging dahilan ng pagbagsak ng Songhai.



**Gawain 3: Paglalapat**

Kung ikaw ang namumuno sa mga kahariang Ghana, Mali at Songhai, ano ang iyong gagawin upang maiwasan ang pagbagsak ng kaharian?

______________________________________________
_________________________________
______________________________________________
______________________________________________



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang Aprika ang ikalawa sa pinakamalaking kotinente sa mundo.
- Ang mga Savanna ay malalawak na damuhan na may nagkalat na mga puno at palumpong.
- May 3 malalaking disyerto sa Aprika, ang Sahara sa Hilaga at ang Namib at Kalahari sa Timog.
- Ang mga rehiyon sa timog ng Sahara ay tinatawag na Sub-Saharan Africa.
- Ang malaking bahagi ng Aprika ay Tag-init buong Taon.
- Noong 5000 BC ang Sahara ay isang madamong lupain.
- Pagdating ng 4000 BC naging mainit na ang klima sa Aprika.
- Pagsapit ng 2000 BC maraming lupa na sa Aprika ang naging disyerto kasama na ang Sahara.
- Ang pag-unlad ng pagsasaka ay nagbigay daan sa pagkakaroon ng mga pamayanan.
- Ang kulturang Nok ay isa sa mga pinakaunang kultura na sumibol sa madamong lugar ng Aprika at ngayon ay bahagi ng Gitnang Aprika.
- Ang mga Bantu ay pangkat ng mga taong nagmula sa kanlurang Aprika at nandarayuhan sa Sub-Saharan Africa.
- Nang matapos ang pandarayuhan pagkalipas ng 1000 taon, ang mga Bantu ay naging pangunahing pangkat ng tao sa Sub-Saharan Africa.
- Nagkaroon ng natatanging sistema ng pamumuhay ang mga Bantu
- May sariling sistema ng pagsamba ang mga Bantu.
- Naitatag ng mga Nubian ang kahariang Kush sa rehiyon ng Nubia noong 1600 BC.

- Mula sa mga Assyrians natutong gumawa at gumamit ng mga sandatang yari sa bakal ang Kushite.
- Noong 200 BC narating ng kush ang tugatog ng pangkabuhayan at pampulitikal na kaunlaran.
- Malaki ang naging impluwensya ng kultura ng Ehipto sa Kultura ng mga Kushite.
- Pagsapit ng 350 AD nanghina at tuluyan ng bumagsak ang kahariang Kush ng ito ay talunin ng estado ng Aksum.
- Ang Ghana, Mali at Songhai ay kabilang sa Gitnang kaharian.
- Ang Ghana ang pinaka-unang kaharian na naitatag sa gitnang kaharian, narating nito ang tugatog noong AD 800.
- Ang paglusob ng mga Berbers at ang madalang na tag-ulan ang ilan sa mga dahilan ng pagbagsak ng kahariang Ghana.
- Sa panahon ni Mansa Musa narating ng Mali ang tugatog ng kanilang kaunlaran.
- Samantala narating naman ng Songhai ang tugatog ng kanilang kaunlaran sa panahon ni Muhammad Askia.
- Ang paglusob ng Hari ng Morocco ang naging dahilan ng pagbagsak ng Songhai.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

Isulat kung tama o mali.

___________ 1. Ang Oasis ay isang malawak at madamong lupain sa Aprika.

___________ 2. Sa Nubia unang nagtayo ng pamayanan ang mga kushite.

___________ 3. Sa Meroe inilipat ng mga Kushite ang kabisera ng kanilang kaharian.

___________ 4. May malaking produksyon ng bakal sa Meroe kung kaya't isa itong magandang lugar na gawing kabisera.

___________ 5. Sa Saudi Arabia matatagpuan ang sinaunang Kaharian ng Aksum.

___________ 6. Ang paggawa ng mga barko ang pangunahing pinagmulan ng yaman ng kaharian ng Ghana.

___________ 7. Sa panahon ni Mansa Musa narating ng Mali ang tugatog ng Kaunlaran.

___________ 8. Naging tanyag ang Timbuktu dahil sa mga magagandang moske at palasyo na matatagpuan dito.

___________ 9. Ang Ghana ay nangangahulugan ng hari o pinuno.

___________ 10. Ang Mali ay imperyong sa kahabaan ng Atlantiko at Ilog Niger.

___________ 11. Ang Berber ay pangkat mula sa hilagang Aprika na siyang nagpabagsak sa kaharian ng Ghana.

___________ 12. Sa panahon ni Muhammad Askia narating ng Songhai ang tugatog nito.

___________ 13. Nilusob ng bansang Turkey ang Songhai na naging dahilan ng pagbagsak ng kaharian nito.

___________ 14. Ang Kilwa ay lunsod-estado ng mga Arabo at Persiano.

___________ 15. Ang mga Bantu ay nagmula sa lupain na ngayon ay sakop na ng Nigeria.

___________ 16. Ang Bantu ay nagmula sa kanluran patungong silangan at timog ng Aprika.

___________ 17. Ang Ehipto ang kauna-unahang at pinakamaimpluwensyang sibilisasyon na naganap sa Aprika.

___________ 18. Malaki ang naging impluwensya ng Ehipto sa sibilisasyon ng mga Kushite.

___________ 19. Ang Songhai ang pinaka-una sa tatlong gitnang kaharian ng Aprika.

___________ 20. Ang Swanlili ay isang uri ng wika na may impluwensya ng wikang Arabo at Persiano.